Spiritual Warfare ©

Conrad Jun Tolosa
December 10, 2020

Winning against the devil and his army

How do we win against the devil and his army? Pag-aaralan nating mabuti. Mapapansin ninyo, si Manny Pacquaio ay tatlong buwan iyan nagte-training. Sa simula ay light training tapos pahirap ng pahirap. Ganoon din tayo. Hindi tayo humihinto sa pakikipaglaban, hindi tayo humihinto sa training natin. Panay ang aral natin ng Salita ng Diyos, panay ang training natin in righteousness and righteous living. We begin to appreciate the small victories na nae-experience natin, and the victories of our friends. Kapag tayo ay nananalo, we come together and we give thanks to the Lord.

That's why on Wednesday nights, tinatanong natin kung sino ang may gustong mag-share ng kanilang mga pagpapala. We want to know and we want to encourage each other. We need to win our battles. Lahat tayo ay araw-araw na nakikibaka.

Sino sa inyo ang mga nananalo? Kailangan kasi na naishe-share natin ang ating mga victories. Magpapasalamat tayo sa Panginoon. May victories kapag nakikipaglaban tayo. Kapag tayo ay hindi nakipaglaban sa ating flesh, hindi tayo nakipaglaban sa mundo. Kaya wala naman tayong sasabihing panalo dahil hindi tayo lumaban. Ang sasabihin natin ay malakas ang kalaban, wala tayong laban diyan. Nuclear power iyan. Huwag na tayong lumaban. Hindi pa nga nagsisimula ang labanan, talo na.

Useless! Kaya bago tayo lumaban dito sa devil and his army, teka muna, reality check! Nananalo ba ako sa aking laban against my flesh? Sa laban ko against the world? Kailangan nire-review natin iyan. And that's why we need to come together and watch out for each other. Alam mo ba kung bakit? Kasi nga ang puso natin ay sinungaling.

Sino ang nakakakita ng ating weaknesses? Ang mga kasamahan natin lalong lalo na kung may asawa tayo. Alam na alam ng asawa natin ang ating weaknesses, kung ano ang ating blind side. Ganoon ka rin sa iyong asawa, alam mo rin ang kanyang weakness. Kaya together ay kailangan nagtutulungan ang mag-asawa; together, nagtutulungan ang pamilya; together nagtutulungan ang isang local church. Reality check tayo doon. Against the flesh, against the world and then itong pangatlo nating kaaway, how do we win against the devil and his army?

Submit yourselves therefore to God. Sabi ni James, Resist the devil, and he will flee from you. Ganoon lang pala ang kailangan nating gawin, resist the devil. Parang resistance tayo sa labanan. Itong ating mundo is actually occupied by evil forces? We lost sa unang fight. We lost control of the earth – our mandate, our rulership, we lost that to the devil. And that's why the world became a dark world. Kapag wala ang mga Cristiano, mas madilim sapagkat tayo ang light of the world and we are the salt of the earth. Kaya kapag nawala na ang mga Cristiano or hindi na sila namuhay bilang Cristiano, padilim na ng padilim ang mundo.

Why can't Christians no longer function as light of the world? Ang dahilan nito ay nababad na sila sa mundo. Sa halip na lumalaban sa mundo, sila ay nandoon at nakikihalubilo sa mundo kaya ito ay dumidilim.

Ang sabi sa Scripture ay let your light so shine in the world that they may see your good works, that they may praise your Father in heaven. Gusto ba nating mabigyang papuri ang ating Panginoon? Well, let's pay attention to our good works na inihanda Niya para sa atin. Tapusin natin itong pakikibaka sa devil.

Una, we must resist. Pangalawa, we must put on the full armor of God. Mahalaga ito. Kapag nagreresist tayo, kailangan natin ng defense.

The belt of truth ang unang sandata natin na pangdepensa. Hindi pwedeng hindi natin alam ang katotohanan kundi ay maniniwala tayo sa bawat kasinungalingang ibabato sa atin ng kaaway.

Ang pangalawa ay ang breastplate of righteousness. We are clothe in the righteousness of Christ kaya we have to be in Christ. Hindi tayo lumalabas kay Cristo sapagkat tayo ay laging nakay Cristo. Kaya naman pina-practice natin iyan every morning. Nagbabasbad tayo sa Kanyang Salita. Ito lamang ang paraan upang tayo ay maging nakay Cristo, nagbabasbad at nagme-meditate tayo sa Kanyang Salita.

Ang pangatlo ay ang gospel shoes. Huwag nating kalimutan ang ating mission ditto, we need to seek the lost sheep of Christ. We preach the gospel and then we make disciples upang ang mga na-disciple natin ay magdi-disciple rin ng iba. At ang unang tinuturo sa disciple ay kung paano manalangin. Susundin lang natin ang pattern na pinakita sa atin ng Panginoong Jesus.

Ang pang-apat ay ang shield of faith. Ang living faith ay panangga din natin. Hindi lang laban sa mundo kundi sa pag-atake rin ng kaaway. Ang ating warfare is against the forces of evil. Ang warfare against the dark forces of this world is for another time.

But for now, isuot lang natin yung armor natin and resist the devil and we will win this fight against them.

Ang panglima ay ang helmet of salvation. Kailangan ninyo ang helmet na ito. Ang unang gagawin ng kaaway ay they will try to make you doubt na hindi ka saved. We have the assurance of salvation sapagkat alam natin na hindi tayo mamamatay. Ang ating katawang lupa ay mamamatay subalit ang ating kaluluwa ay siguradong sa langit ang hantungan.

Ang pang-anim ay ang ating offensive weapon, the sword of the Spirit which is the word of God. Makikita ninyo kung gaano kahalaga ang pag-aaral ng Salita ng Diyos. Kung hindi mo alam ang Salita ng Diyos, paano ka lalaban? Ano ang sandata mo? Ano ang panlaban mo sa kasinungalingan kung hindi mo alam ang katotohanan? Kung hindi mo alam ang kabutihan,

paano ka mananalo sa kasamaan? Kung hindi mo alam ang tama, paano ka mananalo laban sa mali? Kailangan alam natin ating offensive weapon which is the word of God.

Ang triad of the true, good and right ay napakahalaga sa atin. Ito lamang ang dapat nating malaman. Ano ang totoo? Ano ang mabuti? Ano ang pleasing to God? At ano ang tama? Ano ang kalooban ng Diyos? Kapag alam mo ang tatlong ito, siguradong panalo ka. Wala kang talo.

Si Cristo ang overcomer ng world at ang ating faith in Christ. Ito ay partnership. We walk by the Spirit, we win against our battle with the flesh. Ito ay partnership din. Tayo, the Lord and the Holy Spirit against the Devil.

Let's not forget that this is not our fight, this is the Lord's fight. Bagamat tayo ay inaatake, binigyan tayo ng armor ng Lord na dapat nating isuot ng buong-buo. Consciously, sa umaga pa lang ay isuot na natin iyan.

Copyright Conrad Jun Tolosa
December 10, 2020
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.